# Thermal scanner ikakalat sa mall

Bandera · 1 Feb 2020 · 4

**Hindi lamang umano sa airport kundi maging sa entrance ng mga mall ay maglagay ng mga thermal scanner para ma-detect ang mga mall goers na mayroong sintomas ng kinatatakutang 2019-coronavirus.**

**Ayon kay Quezon City Councilor Winnie Castelo, dapat ay mag-deploy ng mga thermal scanner sa mga matataong lugar kung saan posibleng kumalat ang virus.**

**"With these equipment present in malls, we can help prevent the spread of the virus, the likelihood of which is very high if one unsuspecting carrier decides to go shopping," ani Castelo.**

**Maaari umanong magkaroon ng partnership ang mga mall at Department of Health. "The fight against nCoV requires everybody's cooperation. The government can't do it alone. The private sector has to lend a helping hand," dagdag pa ng konsehal. "We are trying all possible means to defend our people from this sickness which has already cost so many lives in China and may continue to so in many parts of the world if we don't get our acts together."**

**Mahigit 100 katao na ang nasawi sanhi ng coronavirus. Noong Huwebes ay kinumpirma ng DoH ang unang kaso nito sa bansa. -Leifbilly Begas**